# PANALIG NG MGA APOSTOL

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapanyayari sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya naman ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo; ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Ponsio Pilato; ipinako sa krus, namatay at ibinaon Nanaog sa mga impiyerno; nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit; naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyayari sa lahat. Doon magmumula't pariritong huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman Katolika; may kamsamahan ng mga Santo, may ikawawala ng mga kasalanan; at mabubuhay na mag uli ang nangamatay na tao, at may buhay na walang hanggan. Amen.

Ito ay sapagkat sa ganitong paraan inibig ng Diyos ang sanlibutan kaya ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na Anak upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16).

Ipahayag mong si Jesus ay Panginoon at sampalatayanan mo sa iyong puso na binuhay siyang mag-uli ng Diyos. Kapag ginawa mo ito, ikaw ay maliligtas. Ito ay sapagkat sa pamamagitan ng puso ikaw ay sumasampalataya patungo sa pagiging-matuwid. Sa pamamagitan ng bibig ikaw ay nagpapahayag patungo sa kaligtasan (Mga Taga-Roma 10:9-10).

**DISCIPLES INTERNATIONAL**
disciples.international@verizon.net
www.disciplesinternational.org

TAG